

# KUNG IKAW AY ISANG LGBT NA NASA HUSTONG GULANG NA WALANG KASAMA NGAYONG HOLIDAY SEASON, HINDI KA NAG-IISA!



MAY MAHIGIT 2.7 MILYONG **LESBIAN, GAY, BISEXUAL AT TRANSGENDER (LGBT) NA NASA 50 TAONG GULANG PATAAS** NA NAKATIRA SA MGA KOMUNIDAD SA BUONG BANSA.

**DOBLE ANG POSIBILIDAD** NA MABUHAY NANG MAG-ISA ANG MGA LGBT NA MAS MATATANDA KAYSA SA MGA HINDI LGBT AT KADALASANG NALALAYO SA IBANG TAO AT DINIDISKRIMINA NG LIPUNAN.



**MARAMING NAKATATANDANG LGBT ANG UMAASA SA NAPILING PAMILYA AT MGA KOMUNIDAD PARA SA SUPORTA. SUPORTAHAN ANG KATATAGAN NG MGA NAKATATANDANG LGBT!**

## MGA MAPAGKUKUNAN PARA SA MGA NAKATATANDANG LGBT SA IYONG LUGAR

PARA SA SUPORTANG GAYA NG PINANSYAL NA TULONG, MGA PABAHAY AT IN-HOME NA SERBISYO, TRANSPORTASYON, AT MGA PAGKAKATAONG MAGBOLUNTARYO, MAAARI KANG MAKIPAG-UGNAYAN SA MGA MAGPAGKUKUNANG MAKIKITA SA IBABA.

### NANG PERSONAL



### ONLINE

Magpadala ng email sa SAGE LGBT Elder Hotline sa [sage@GLBThotline.org](mailto:sage@GLBThotline.org) para sa lokal na mapagkukunan ng impormasyon at peer-to-peer na suportang partikular para sa mga matatandang LGBT.

Bumisita sa [www.ElderCare.gov](http://www.ElderCare.gov) para sa mga komprehensibong mapagkukunan sa iyong lokal na komunidad.

### SA PAMAMAGITAN NG TELEPONO

Ang SAGE LGBT Elder Hotline ay isang ligtas na lugar na maaaring tawagan kapag kailangan mo ng kausap. 1-888-234-SAGE. Nagbibigay sila ng peer-to-peer na suporta nang walang panghuhusga.

Isang pampublikong serbisyo ng U.S. Administration on Aging ang National Eldercare Locator na kinokonekta ka sa mga serbisyo para sa matatanda at sa kanilang mga pamilya. Tumawag sa 1-800.677.1116.